

Presidential Communications Operations Office
News and Information Bureau

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY TED FAILON – FAILON NGAYON/DZMM
APRIL 24, 2020**

FAILON: Sec., good morning po, sir.

SEC. ROQUE: Magandang umaga, Ted. At magandang umaga, Pilipinas.

FAILON: Opo, thank you ho sa inyong panahon. Sec., ito ho muna, liwanagin ko lang ano, ito hong binabanggit po ninyo na mga subject for checking or re-checking, ano hong ibig sabihin nito?

SEC. ROQUE: Pupuwede pa pong magbago iyan pagdating ng atrenta ng Abril 'no dahil tinitingnan naman po nila iyong data.

I-explain ko lang po na naging criteria po ng ating IATF ay hindi lamang iyong numero ng kaso ng COVID-19 kung hindi iyong kakayahan din po ng health sector sa lugar na iyon na magbigay ng medical attention doon sa mga posibleng magkasakit. So may mga areas po diyan na bagama't hindi masyadong mataas ang bilang ng mga COVID-19 patients, iyong kanilang kakayahan naman in terms of iyong ICU beds at iyong mga ventilators ay napakababa na kinakailangang ilagay pa rin sila under ECQ. Pero kung magkakaroon po ng mga additional supplies at magkakaroon po ng mga additional critical care beds diyan sa mga areas na iyan ay pupuwede pa pong magbago ang desisyon.

FAILON: Iyon pong areas na binabanggit na talaga pong extended ang ECQ, ito ho, hindi ito magbabago until and unless may rekomendasyon ang IATF come May 15?

SEC. ROQUE: Opo, wala pong pagbabago sa mga areas na under ECQ. So iyong mga binasa ko pong mga industriya na pupuwede nang mag-operate, iyon po ay para sa mga area under General Community Quarantine. At, Ted, lilinawin ko: Mula ngayon po, ang new normal will be the General Community Quarantine.

FAILON: All right. Sir, iyon pong sinasabi ho na magkakaroon ng mga guidelines come April 25 para po doon sa mga lugar ho na maaari na hong magkapagtrabaho ang ilang mga manggagawa, definitely po ay hindi kasama dito ang Metro Manila. Meaning, sa Metro Manila, wala pa rin pong usapin ng pagbubukas kahit na po ng sinasabi pansamantala nitong mga public transportation?

SEC. ROQUE: Wala pa po 'no. Pero ganoon pa man, ang IATF naman po ay nagpupulong at tinitingnan din po nila iyong posibilidad, lalung-lalo na sa public transportation, iyong pagbubukas up to 30%. Pero sa ngayon po, ang estado ay patuloy lang po ang ECQ sa mga ... lalung-lalo dito sa Metro Manila.

FAILON: All right. Sir, iyon pong una pang nirekumenda rin na posibilidad po na habang may ECQ sa Metro Manila/NCR or other nearby provinces like Laguna, for example, or Bulacan, iyon pong malalaking proyekto po ng pamahalaan kagaya po ng Skyway Project at mga MRT projects, kumusta po?

SEC. ROQUE: Iyan po ay pag-uusapan 'no. At nagkakaroon naman po...o may nabubuong consensus bagama't hindi pa po talaga nagiging desisyon 'no. So pinag-aaralan pong mabuti na iyong mga major infrastructure projects po 'no, baka naman pupuwedeng ituloy habang under ECQ pa dahil less traffic at iyong mga ilang imprastruktura gaya ng LRT ay wala namang gumagamit pa 'no. Pero wala pa pong desisyon bagama't mayroon na po sigurong nabubuo na consensus. Iaanunsiyo po natin kapag mayroon nang pinal na desisyon sa bagay na ito.

FAILON: Nabubuong consensus po, Secretary, like ano, papayagan, posible, ang pagpapatuloy po ng konstruksyon ng ating Skyway?

SEC. ROQUE: Well, mayroon na pong task force na tumitingin po diyan 'no. Kasi tinitingnan nila kung magagawa ito na nasusunod po iyong social distancing o pupuwedeng gumawa ng temporary dormitories para sa mga manggagawa dahil nga iyong problema sa transportasyon, kung papasok at uuwi sila araw-araw 'no. So pinag-aaralan na po iyan dahil—mayroon din pong pagkakataon siguro 'no na gawin itong mga proyektong ito. Pero sa ngayon po, hindi pa po sila pinapayagan.

FAILON: Opo. Iyong binabanggit po ninyo na posibilidad ho na pagbubukas po ng transportasyon ano ho sa mga areas under GCQ, sino ho ang hahatol doon? Who will decide especially po doon sa usapin ng implementasyon ng mga panuntunan kagaya nga po ng physical distancing? May makapagbantay kaya doon, sir? Kasi ang problema diyan iyong contact tracing in case magkaroon ng problema ho ang mga lalabas na tao at sasakay po ng jeepney ba ho ito o bus ba ho ito, ano po ito?

SEC. ROQUE: Una, Ted, lilinawin ko 'no: Ang mangyayari, bagama't tayo po ay nasa ECQ pa dito sa Metro Manila, kapag napabagal pa natin iyong pagkalat ng sakit o di naman kaya ay na-improve natin iyong kapasidad natin na magbigay ng acute care doon sa ating kababayan, the norm will thereafter be GCQ. So bagama't may mga ibang probinsiya na nasa GCQ na at iyong mga iba't ibang mga industriya ay magsisimula na mag-operate muli 'no, ito na rin iyong mangyayari sa atin kung mawawala na iyong ating ECQ 'no.

So ngayon po, may binuo na talaga pong task force ang IATF sa pamumuno po ng DOTr para po pag-aralan nga kung paano mai-implement itong... iyong pagbukas muli ng public transportation sa mga areas ng GCQ; dahil atrenta pa naman po ng Abril mai-implement itong GCQ areas.

FAILON: Oho, sige po. So come April 30, sir, definitely ho ay maglalabas po ang IATF ng listahan ng lahat ng mga lugar under GCQ?

SEC. ROQUE: Well, ngayon po ay nailabas ko na kung ano iyong GCQ 'no. Pero iyong guidelines po, bubuuin iyan ng 25 of April at i-implement by 27 April 'no para smooth na po ang implementation.

FAILON: So, sir, again, just say it again, ngayon ho... kasi ho ngayon medyo may kalituhan ano ho iyong mga lugar na binabanggit na mayroon pong ECQ at saka GCQ. So does it follow na kapag wala ka doon sa ECQ list, GCQ ka?

SEC. ROQUE: Totoo po iyan 'no, at kaya nga po that will be the new normal. At mapa-finalize po iyong guidelines lalung-lalo na sa public transportation by the 27th of April so that pagdating po ng atrenta, it will be smooth implementation.

FAILON: Opo. Sec., napakarami hong nag-aabang dito 'no sa naturang na briefing na ginawa po ninyo. Sir, wala pong nabanggit tungkol doon sa pagpapabilis ng ayudang dapat tanggapin ng mga pamilyang nangangailangan ng ayuda ngayon. Ni wala nga pong nabanggit din kung ano na ho ang percentage ng first tranche ng SAP fund maging sa paparating po na second tranche. Are you aware, sir, kung gaano po ka ...if I may say, if I may use the word, kung gaano kalaki ang backlog, if I may say so, or iyon pong kabagalan ng pagbibigay po ng ayuda, sir?

SEC. ROQUE: Iyong unang tranche po 'no, nai-download na po sa lahat ng LGUs iyong kinakailangang i-download. Ang tinitignan na lang po natin kung iyong mga LGUs ay na-download na sa level ng barangay 'no iyong ayuda na dapat ibigay sa taumbayan.

Gayunpaman, mayroon po akong nabanggit doon sa briefing na ang importansiya po na magkaroon ng GCQ areas ay dahil kinakailangang ibuhos na po natin iyong natitira pang SAP at iba pang mga benepisyo na para sa ikalawang buwan dito po sa mga areas na nananatili sa GCQ.

Ibig sabihin, since iyong mga ibang areas naman na nasa GCQ ay pupuwede nang magtrabaho to a certain extent iyong ating mga kababayan, ibigay na po natin, i-prioritize muna natin na ibigay iyong mga ayuda ng gobyerno doon sa nananatili sa ECQ.

FAILON: Opo. Sir, nauunawaan po namin ano, para lang ho natin mailatag po nang maayos ang ika nga predicate dito. Nauunawaan namin iyong handicap at challenges na kinakaharap ng ating gobyerno sa pagbibigay po ng ayudang ito. Pero, sir, dapat siguro ho kasi kayo po ay bago po lamang ano ho na nakakabalik sa pamahalaan at spokesperson po ng IATF, for example ho ha, sa datos mismo na nanggagaling sa DSWD po, Secretary, for Metro Manila, sa kanila pong pondo na dapat pong ibigay/ilaan ano ho para po sa target na non-4Ps families, ang pondo ho dito na dapat nila actually po na ma-dispose at mabigyan po na dami ng pamilya...

MORE

PART 2-INT. WITH SEC. ROQUE-APRIL 24

7:21

FAILON: sa ngayon, as of April 23 sir, 18.9% pang lang; total number po of non-4Ps families is 13.3 million. So, sir, iyon pong percentage ng pagbibigay po ng tulong sa mga nangangailangang pamilya for NCR, may pinakamaraming tao, ganoon po, sir, ka-delay considering po na sa ngayon ay 38 days na itong ating quarantine.

So, siguro sa impormasyon ngayon na mai-extend pa ito till May 15, baka nga po iyong mga kababayan natin, sir, iyon pong sitwasyon nila baka ho mas lalong hindi na po maging maayos kasi nga sa tulong po na hindi pa nakakarating hanggang ngayon.

SEC. ROQUE: Well, Manong Ted, naiintindihan ko po talaga ang problema at naiintindihan din po iyon ng Presidente. Kaya nga po noong isang broadcast niya sa ating mga kababayan, sabi niya sana ay napabilis itong prosesong ito kung mayroong national ID system. Pero moving forward, ito nga po iyong importansiya ng pag-distinguish between the ECQ and GCQ areas kasi ngayon po, mabibigyan na talaga ng prayoridad iyong mga nasa ECQ. Ipagpaumanhin ninyo po iyong kung anuman ang delay. Inaako na po namin ang, kumbaga, iyong delay na iyan at pinapangako namin na gumagawa naman po ng hakbang na sa pangalawang tranche ng SAP at iba pang mga ayuda ay hindi na po magkaroon ng ganyang delay.

Pero dahil nga po mas maliit na iyong area na bibigyan natin ng mga ayuda, inaasahan po namin na magiging mas efficient po iyan. At tututukan naman po natin iyan dahil alam natin na kapag pangalawang buwan na ng ECQ ay talagang pahirapan po ang ating mga kababayan. So, we can work together with the media po. Magtulongan po tayo, at ako naman po ay nakatutok, ang papel ko po ay hindi lang tagapagsalita, ako po iyong kumbaga linya ng taumbayan sa gobyerno. Importante pong malaman namin kung saan iyong areas na iyan na hindi nakakarating ang ayuda at ako naman po ay mangangalampag sa taong gobyerno. At siguro naman, Manong Ted, sa tagal nating nagkasama na sa trabaho, eh alam ninyo naman kapag ako ay nangalampag, talagang kakalampagin ko sila hanggang hindi sila gumalaw.

FAILON: Sec., sorry po, I sit down corrected doon sa information na aking naibanggit sa inyo, iyon po pala ay for the whole country. Kung pag-uusapan ang NCR, Secretary, iyon pong non-4Ps target na families, na beneficiaries po na 1.5 million ang nase-serve pa lang actually po ay 4.9%. Ganoon po, sir, kaliit. Kaya po please ang amin po sanang panawagan nga, magtulong-tulong po tayo na medyo hikayatin po ang lahat ng concerned dito sa pamimigay ng tulong na kung maaari nga po sana bumilis-bilis kasi nga po sa extension announcements na ito at wala pa nga iyong unang tranche, ngayon pong 38 days na ng quarantine, baka po marami na talagang sobrang mainip, Sec.

SEC. ROQUE: Importante nga po na iyong mga kasama natin sa media, ipagbigay-alam sa atin kung ano na ang nangyayari. Dahil noong tinalaga po tayo ni Pangulo na hindi lang as Presidential Spokesperson kung hindi spokesperson for the entire executive, tingin ko po ay nagkakaintindihan na kami ng mga kasama ko sa Gabinete na kapag ako ay nangalampag ay dahil ito ay kinakailangan mapatupad po ang mga programa ng ating Presidente.

So, nagkakaintindihan naman po kami kung saan po kinakailangan na kalampagin, tawagan lang po ninyo ako, tawagan ang aking pansin at gagawin natin ang kinakailangang gawin.

FAILON: Alright. Sir, ang usapin po naman doon sa availability ng pondo. Hindi po masyadong klaro po sa akin kanina ano. Talaga ho bang may pondo? Kasi sabi po ni Secretary Dominguez may pondo po naman. Sabi po ng ating Pangulo, we are running out of funds. Sir, puwede po ba nating maiklaro lamang ito?

SEC. ROQUE: Ang malinaw po ay para sa second part ng ating ECQ, may pondo naman tayo. May pondo po tayo, ang problema po kinakailangan siguro talagang mag-enact ng supplemental budget ang Kongreso kasi hindi namin magagastos iyong iba pang mga pondo na walang mandato ng ating mga mambabatas. So kung darating po tayo na kinakailangang mag-special session, bagama't babalik naman po sa session ang Kongreso sa Mayo 1, eh hihingi po tayo ng ganyang authority from Congress.

At malinaw po iyong sinabi ni Presidente, may pera pero kinakailangan bigyan ng basbas ng mga representante ng taumbayan.

FAILON: Sorry to bother you on this, kasi sabi po ninyo kayo po ang tawagan, sa inyo sabihin iyong hinaing ng mga ilan pong sektor ng ating lipunan na nangangailangan ng tulong para mayroon kayong kalampagin na dapat kayong kalampagin.

Ito ho iyong mga OFWs, ito hong reklamo po nila sa OWWA. Ito hong nangyayari ngayon, sila po ay dumarating inuobliga nga po ng quarantine. Pero iyon hong pasilidad na dapat nilang paglagakan, hindi naihahanda nang maayos ng OWWA. Hindi na po ito kinakailangan pang patunayan, Secretary, kasi mismong sa report kagabi sa ating mga balita, iyon pong mga simpleng koordinasyon, hindi po naayos ng OWWA. Baka daw po maaari kayong makatulong na kalampagin po ang OWWA?

SEC. ROQUE: Siguradong tutulong po tayo diyan. Tatawagan po natin ang administrador ng OWWA na si Ginoong Cacdac at titingnan po natin kung ano iyong existing protocol nila dahil importante po na siyempre kapag na-repatriate ang OFW sa isang special flight ni walang masasakyang taxi po iyan para pumunta sa kanilang mga bahay-bahay lalo na kung sila ay maglalanding sa NAIA na under ECQ pa, wala pong taxi diyan ngayon.

So, importante po na talagang mayroong susundo doon sa mga OFW at kung kinakailangan sila... at sigurado naman po na magpo-14-day quarantine sila at sila ay nakatira sa probinsya, kinakailangan ng lugar kung saan sila magka-quarantine. Alam ko naman po, in fairness sa OWWA, ay marami naman pong na-repatriate na na mga OFWs na nabigyan naman po ganyang pangangailangan. Meaning iyong pagsundo, iyong pag-billet for the 14-day quarantine kasama na po ang pagkain. Pero kung mayroon pong mga hindi nakakakuha ng ganitong serbiyo, ipagbigay-alam po ninyo sa amin.

FAILON: Amin din nga pong nai-report iyan, iyon pong ilan na nailatag po iyong akomodasyon at so far po naman ay waiting po for repatriation pabalik po ng mga probinsya nila. But ito ho, may mga panibago hong dumating na iyon nga po reklamo.

Sec., again, you have a few seconds, ano po ang inyong mensahe sa lahat po ng ating mga kababayan ngayon na ito nga po haharapin ang panibago pong extension ng Enhanced Community Quarantine at kung ano po ang kanilang aasahan sa mga darating na araw?

SEC. ROQUE: Well, Ted, alam kong napakahirap po na desisyon ang ginawa ng ating Presidente dahil siya po mismo eh sa sariling bibig niya a0y inip na inip na at nais na niyang makauwi sa kanyang probinsya ng Davao. Pero kinakailangan pong gawin itong mapait na

desisyon na ito dahil unang-una, ang obligasyon ng gobyerno ay itaguyod ang kalusugan ng mga mamamayan. Ipinagpatuloy po natin ang ECQ dahil kinakailangan pa pong pabagalin ang pagkalat ng sakit na iyan dahil sa mga areas po na magpapatuloy ang ECQ, hindi pa po sapat ang kakayahan ng ating mga health sector na bigyan kayo ng kinaukulang attention kapag tayo po nagkakasakit. Ang inaabatan lang po natin habang wala pa pong vaccine, wala pang gamot dito sa sakit na ito ay iyong kahandaan na magbigay ng medical services doon sa posibleng magkakasakit.

So, hinihingi ko po ang inyong pag-unawa, alam ko pong napakahirap nitong ECQ sa atin. Hindi po kami bulag diyan dahil kami pong lahat ay nais na rin nating bumalik sa mga normal na mga buhay. Pero kinakailangang gawin ito para po sa karapatang mabuhay ng mga mamamayan. Suportahan po natin ang Presidente natin sa desisyong ito. Maraming salamat po.

FAILON: Sec. Harry, I can only say, sir, good luck and God bless you!

SEC. ROQUE: God bless the Philippines po.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)